



### Ang mga nominasyon ng kandidato para sa 2022 Brampton Municipal at School Board Election ay magsasara sa Agosto 19

BRAMPTON, ON (Agosto 2, 2022) – Ang Opisina ng Klerk ng Lungsod ng Brampton ay patuloy na tatanggap ng mga nominasyon ng kandidato at pagpapa-register ng third party advertiser para sa 2022 Brampton Municipal and School Board Election. Ang yugto ng nominasyon para sa mga kandidato ay magwawakas sa Biyernes, Agosto 19, 2022, sa 2 pm.

Ang panahon ng pagpapa-register para sa mga third party advertiser ay magpapatuloy hanggang Oktubre 21, 2022.

Ang isang presentasyon para sa pangkalahatang mga pantubay para sa mga kandidato at mga third party advertiser ay available sa [website](#) ng Lungsod.

#### Mga kandidato

Tumatanggap ang Lungsod ng mga nominasyon para sa sumusunod na mga tanggapan:

- Mayor
- Rehiyonal na Konsehal (Regional Councillor)
- Konsehal ng Lungsod (City Councillor)
- School Board Trustee para sa:
  - Peel District School Board
  - Dufferin-Peel Catholic District School Board
  - Conseil scolaire catholique MonAvenir

Ang [Lungsod ng Mississauga](#) ay tumatanggap ng mga nominasyon ng kandidato para School Board Trustee, Conseil scolaire Viamonde.

Ang mga form ng nominasyon at mga pakete ng impormasyon para sa mga kandidato ay makukuha [online](#) at sa Tanggapan ng Klerk ng Lungsod sa City Hall ng Brampton. Ang mga form ay kailangang i-file sa pamamagitan ng appointment, personal (o sa pamamagitan ng isang ahente), sa regular na mga oras na may pasok ang opisina hanggang Agosto 18, 2022. Hindi na kailangan ang appointment kung nagpapalano ka na i-file ang iyong mga form sa huling araw ng pag-file ng mga nominasyon, na Biyernes, Agosto 19, 2022. Ang mga kandidato ay paglilingkuran depende sa kung sino ang naunang dumating sa araw na ito lamang. Ang mga oras ng pag-file sa Agosto 19, 2022 ay mula 9 am hanggang 2 pm. Pakipunta sa [www.brampton.ca/BramptonVotes](http://www.brampton.ca/BramptonVotes) para mag-access sa mga kinakailangang form, pakete ng impormasyon at para mag-book ng appointment para sa pag-file.

Sa oras ng pag-file, ang bayad (\$200.00 para sa Mayor, \$100.00 para sa lahat ng iba pang mga posisyon) ay maaaring bayaran ng cash, debit, certified cheque o money order. Kailangang magbigay ang mga aplikante ng [patunay ng pangalan at kwalipikadong address](#). Tanging mga orihinal na dokumento lamang ang tatanggapin; ang faxed o iba pang mga electronic version ay hindi pinapayagan. Ang isang kandidato ay hindi maaaring gumasta ng pera o kaya ay tumanggap ng pera sa isang kampanya bago sila mag-file ng Papel ng Nominasyon.



### **Mga Third Party Advertiser**

Ang sinumang indibidwal, korporasyon o trade union na gustong mag-advertise sa broadcast, print, electronic o iba pang medium para i-promote, suportahan o tutulan ang isang kandidato, ay kinailangang magpa-register sa Lungsod.

Ang mga form ng rehistrasyon at mga pakete ng impormasyon ay makukuha [online](#) at sa Opisina ng Klerk ng Lungsod sa City Hall ng Brampton. Ang mga rehistrasyon ay kailangang i-file nang personal (o sa pamamagitan ng isang ahente) sa regular na mga oras na may pasok ang opisina hanggang Oktubre 21, 2022. Kailangan ang isang appointment upang mai-file ang mga papel ng rehistrasyon. Pakipunta sa [www.brampton.ca/BramptonVotes](http://www.brampton.ca/BramptonVotes) para mag-access sa mga kinakailangang form, pakete ng impormasyon at para mag-book ng appointment para sa pag-file.

Ang taong nag-file ng rehistrasyon ay kinakailangang magpakita ng [orihinal na ID](#) sa oras ng pag-file. Ang isang kinatawan na gustong mag-register para sa isang korporasyon o trade union third party advertiser ay kailangang magbigay ng sulat ng awtorisasyon mula sa isang itinalagang opisyal ng korporasyon o trade union. Tanging mga orihinal na dokumento lamang ang tatanggapin; ang faxed o iba pang mga electronic version ay hindi pinapayagan. Ang isang third party advertiser ay hindi maaaring gumasta ng pera o kaya ay tumanggap ng pera sa isang kampanya bago sila mag-file ng kanilang mga papel ng rehistrasyon.

Ang isang talaan ng nominadong mga kandidato at rehistradong mga third party advertiser ay regular na ina-update at makikita sa [www.brampton.ca/BramptonVotes](http://www.brampton.ca/BramptonVotes).

-30-

### **KONTAK NG MEDIA**

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton  
[multiculturalmedia@brampton.ca](mailto:multiculturalmedia@brampton.ca)